**MALABANIAS INTEGRATED SCHOOL**
Tamarind St., Clarkview Subd., Malabanias, Angeles City 2009
**ARALING PANLIPUNAN 5**
UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT

NAME: ____________________ DATE: ____________________
GRADE & SECTION: ____________________ PARENT'S SIGNATURE: ____________________
TEACHER: **ROAN S. RUIZ**

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

_____1. Saan matatagpuan ang Pilipinas?
A. sa pagitan ng ekwador at Tropiko ng Kanser
B. sa pagitan ng ekwador at Tropiko ng Kaprikonyo
C. sa pagitan ng Tropiko ng Kaprokonyo at Tropiko ng Kanser
D. sa pagitan ng mababanglatitd at mataas na latitud

_____2. Anong tawag sa flat na representasyon ng mundo?
A. Globo C. Mapa
B. Google map D. Ekwador

_____3. Ano ang pahigang guhit na matatagpuan sa gitna ng globo na humati sa daigdig sa hilagang hating-globo at timog hating-globo?
A. Ekwador C. Longhitud
B. Latitud D. Meridian

_____4. Anong unit ang ginagamit sa pagsukat ng longhitud at latitud?
A. degree at minute C. degree at second
B. degree at oras D. degree at meridian

_____5. Anong instrumento ang ginagamit sa pagtukoy ng direksyon?
A. Copass Rose C. Thermometer
B. Barometer D. Wind Rock

_____6.Alin sa mga sumusunod ang salik na may kinalaman sa uri ng klima ng isang lugar?
A. Humidity C. Presipitasyon
B. Latitud D. Ulan

_____7. Ano ang tumutukoy sa kainaman o average na kondisyon ng atmospera sa loob ng mahabang panahon?
A. Bagyo C. Panahon
B. Klima D. Weather Condition

_____8. Anong ahensya ng gobyerno na may tungkuling bigyan ng proteksyon ang mga tao laban sa mga natural na kalamidad?
A. DepEd C. DTI
B. DOH D. PAGASA

_____9. Sila ang mga taong bihasa sa pag-aaral ng klima at panahon at siyang naghahatid ng imporamasyon sa tao ukol sa lagay ng panahon.
A. Meteorologist C. Physicist
B. Psychologist D. Doctor

_____10. Ano ang tumutukoy sa kainaman o average na kondisyon ng atmospera sa loob ng isang araw?
A. Bagyo C. Panahon
B. Klima D. Weather Condition

_____11. Sino ang siyentistang German na nag-aral at nag-saliksik sa teorya ng Continental Drift?
A. Alfred Wegener C. Felipe Landa Jocano
B. Bailey Willis D. Robert Fox

_____12. Anong teorya na nagsasabing ang Pilipinas ay nabuo bunsod ng pagputok ng bulkan sa ilalim ng karagatan?
A. Teorya ng Bulkanismo C. Teorya ng Austronesian Migration
B. Teorya ng Tulay na Lupa D. Teorya ng Continental Drift

_____13. Ano ang tawag sa isang kaisipan o paliwanag ng isang mahalagang konsepto gamit ang siyentipikong pamamaraaan at pananaliksik?
A. Report C. Thesis
B. Teorya D. Summary

_____14. Sino ang siyentistang Amerikano na nagsabing nabuo ang Pilipinas bunsod ng Bulkanismo?
A. Alfred Wegener C. Felipe Landa Jocano
B. Bailey Willis D. Robert Fox

_____15. Ito ay mga tipak ng lupa sa ilalim ng katubigan na nakakabit sa mga kontinente.
A. Continental Shelf C. Pulo
B. Ice Age D. Volcanic Material

_____16. Sino ang “Ama ng Antropolohiyang Filipino ?

A. Bailey Willis C. Peter Bellwood
B. Felipe Landa Jocano D. Robert Fox

_____17. Anong teorya ng pinagmulan ng sinaunang lahing Pilipino ang nasasabing ang mga unang Filipino ay mula sa pangkat-pangkat na sinaunang tao na Negrito, Malay at Indones?
A. Teorya ng Austronesian Migration C. Teorya ng Continental Drift
B. Teorya ng Core Population D. Teorya ng Wave Migration

_____18. Saang lugar natagpuan ang mga Tabon Man?
A. Batangas C. Lipuun, Point Palawan
B. Bataan D. Surigao

_____19. Sino ang arkeologong nag-aral at nagsaliksik sa teorya ng Wave Migration?
A. Bailey Willis C. Henry Otley Beyer
B. Felipe Landa Jocano D. Peter Bellwood

_____20. Ano ang antas sa lipunan ng malalayang tao o taong lumaya mula sa pagkakaalipin?
A. Alipin C. Timawa
B. Datu D. Oripun

_____21. Sila ang mga sinaunang tao kung saan nakita ang isang maliit na bahagi ng buto ng paa ng tao.
A. Callao Man C. Tabon Man
B. Cagayan Man D. Negrito

_____22. Sino ang matatapang at mahuhusay na mandirigma ng barangay?
A. Bagani C. Katalonan
B. Datu D. Timawa

_____23.Ito ang Sistema ng pamamahala na batay sa katuruan ng Islam.
A. Barangay C. Tarsila
B. Sanduguan D. Sultanato

_____24. Anong tawag sa simbolo ng pagkakaibigan na kung saan hinihiwa ang kanilang bisig gamit ang punyal at pinapatulo ang dugo sa kapang may alak?
A. Adat C. Tarsila
B. Babaylan D. Sanduguan

_____25. Sino ang huling propeta at tagapagtatag ng Islam?
A. Muhammad C. Sharif Kabungsuan
B. Sharif ul-Hashim D. Sultan

_____26. Anong uri ng kasuotan ng sinaunang Filipino ang isang tsaleko na walang kuwelyo o manggas?
A. Bahag C. Kanggan
B. Baro D. Tapis

_____27. Anong tawag sa paniniwala ng sinaunang Filipino sa mga espiritung nananahan sa kanilang kapaligiran?
A. Anito C. Katalonan
B. Babaylan D. Paganismo

_____28. Anong tawag sa alpabeto ng mga sinaunang Filipino?
A. Baybayin C. Mumbaki
B. Dalet D. Kaleleng

_____29. Anong tawag sa sayaw ng mga Ifugao para sa kanilang yumao na namatay sa marahas na kamatayan?
A. Dalot C. Kaleleng
B. Bangibang D. Salidsid

_____30. Anong uri ng kasuotan ng sinaunang Filipino ang isang piraso ng tela na ibinabalot sa ulo?
A. Bahag C. Saya
B. Putong D. Tapis

_____31. Ito ang pinakadulong bahagi ng mundo sa hilaga na naaabot ng pahilis na sinag ng araw.
A. Ekwador C. Kabilugan ng Antartiko
B. Kabilugang Arktiko D. Tropiko ng Kaprikonyo

_____32. Ito ang imahinasyong guhit na naghahati sa mundo sa magkaibang araw?
A. Base Line C. International Date Line
B. Green Line D. Spectral Line

_____33. Kung ang Pilipinas ay nasa bahagyang itaas ng ekwador, anong uri ng klima mayroon ito?
A. Humid C. Tropikal
B. Temperate D. Tundra

_____34. Ang pagkulimlim ng kaulapan ay dahilan ng:
A. paglamig ng panahon C. pagtaas ng lebel ng katubigan sa atmospera
B. may namumunong bagyo D. *low pressure area*

_____35. Alin sa mga sumusunod ang nagpapaliwanag ng kasabihang “Walang permanenteng bagay sa mundong ito kung hindi ang pagbabago?”

A. walang naiiwan sa mundo
B. lahat ng bagay ay nagbabago
C. ang pagbabago ay batay sa tao
D. ang pagbabago ay maaring makakabuti o makakasama

_____36. Ang pagkatuklas ng mga labi sa Lipuun point sa Palawan ay nagbigay daan sa:
A. Teorya ng Astranesian Migration
B. Teorya ng Core Population
C. Teorya ng Wave Migration
D. Teorya ng Tulay na Lupa

_____37. Ano ang naging batayan ni Bellwood sa kaniyang Teorya?
A. Pagkakatulad ng kagamitan
B. Pagkakatulad ng pananamit
C. Pagkakatulad ng itsura ng mga sinaunang tao
D. Pagkakatulad ng wikang gamit sa timog-silanagang Asya at sa Pacific

_____38. Ang mga natuklasan sa Pilipinas na mga sinaunang kasangkapang may 750 000 taong gulang ay sinasabing ginamit at pinakinabangan ng tinaguriang______.
A. Callao Man
B. Cagayan Man
C. Negrito
D. Tabon Man

_____39. Ano ang tatlong pangkat ng tao na unang nandayuhan sa Pilipinas batay sa Teorya ng Wave Migration?
A. Muslim, Indones at Negrito
B. Negrito, Indones at Malay
C. Tabon, Callao at Cagayan Man
D. Tabon Man, Negrito at Malay

_____40. Ito ay tumutukoy sa isang lupon o sangay na nangangasiwa at humahawak ng kapangyarihang pampolitika para sa mga kasapi, mamayan, o katutubo ng isang pamayanan.
A. Barangay
B. Pamahalaan
C. Sultanato
D. Panitikan

_____41. Alin sa mga sumusunod ang hindi batayan ng batas ng sultanato?
A. Adat (Customary Laws)
B. Sharia (Islamic Law)
C. Qu'ran
D. Kaleleng

_____42. Ano ang ginagawa ng Datu sa paglilitis ng may sala sa loob ng Barangay?
A. ikinukulong ang lahat ng may sala
B. nagkakaroon ng botohan sa loob ng barangay
C. nagkakaroon ng pag-uusap kasama ang matatandang lupon
D. sumasailalim ang mga akusado sa pagsuboksa paniniwalang kakatigan ng Diyos ang walang sala

_____43. Ito ay tumutukoy sa isang lupon o sangay na nangangasiwa at hmahawak ng kapangyarihang pampolitika para sa mga kasapi, mamayan, o katutubo ng isang pamayanan.
A. Kultura
B. Sining
C. Teorya
D. Panitikan

_____44. Alin sa mga sumsunod ang tamang paraan ng pagbibigay ng pangalan ng mga sinaunang inang Filipino?
A. batay sa panagalan ng ama ng bata
B. batay sa taong nagpanganak sa ina ng bata
C. batay sa lugar kung saan ipinanganak ang bata
D. batay sa isang partikular na pangyayari

_____45. Alin sa mga sumusunod ang nagapapakita ng paniniwala ng mga Filipino sa kakayahan at kapangyarihan taglay ng ilang piling tao?
A. Paniniwala at pagsamba sa mga rebulto
B. Pagaalay ng pagkain sa kalikasan
C. Pag bibigay ng limos sa simbahan
D. Paniniwala sa mga mangkukulam, aswang at mangangaway

_____46. Sa ulat ng panahon ay isinasama ang bilis ng hangin bilang elemento sa pagtataya ng panahon, Ano ang gamit sa pagsukat ng bilis nito?
A. Barometer
B. Anenometer
C. Wind rock
D. Thermometer

_____47. Ang mga sumusunod ay patunay na inihain ng Teorya ng Tulay na lupa: Maliban sa
A. Pagkakatulad ng mag butong nahukay sa bansa
B. Magkakatulad uri ng halaman, puno at hayop sa Pilipinas at iba pang bahagi ng bansa.
C. Magkakasinggulang at magkakatulad ang mga bato sa Pilipinas at sa iba pang bahagi ng Asya.
D. Mababawa ang bahagi ng West Philippines Sea na napapagitan sa Pilipinas at sa iba ang bahagi ng bansa.

_____48. Bakit mahalagang malaman ang Teroya ng pinagmulan ng Filipino?
A. Ito kailangan malaman ng lahat.
B. Upang makapili ng pinagmulan ng sinaunang Filipino.
C. Ito manatiling batayan sa pag-aaral at pananaliksik ng mga sinaunang Filipino.
D. Upang magamit ang gustong Teorya sa pagpapakilala ng sinaunang Filipino.

_____49. Alin sa mga sumusunod ang pinakamabuting epekto ng paggamit ng salapi sa kalakalan?
A. marami ang yumaman

B. naging mabilis ang daloy ng kalakal
C. lumawak ang kaalaman sa pagkwenta
D. nagkaroon ng halaga ang bawat produkto at serbisyo

_____50. Paano isinalin ng mga sinaunang Filipino ang kanilang kultura sa sumunod na henerasyon?
A. paggaya ng mga Filipino sa mga paniniwala
B. pagtatago ng mga kasangkapan ng sinaunang Filipino
C. paniniwala sa mga sinaunang sulatin ng mga sinaunang Filipino
D. pagyakap ng mga Filipino sa kasalukuyan ng mga sinaunang paniniwala

***Goodluck and God Bless***

Binigyang Pansin ni:

**BLESILDA T. BASILIO**
Master Teacher II

Answer Key

| | |
|---|---|
| 1. A | 26.C |
| 2. C | 27.A |
| 3. A | 28.A |
| 4. A | 29.B |
| 5. A | 30.B |
| 6. B | 31.B |
| 7. B | 32.C |
| 8. D | 33.C |
| 9. A | 34A |
| 10. C | 35.B |
| 11. A | 36.B |
| 12. A | 37.D |
| 13. B | 38.B |
| 14. B | 39.B |
| 15. A | 40.B |
| 16. B | 41.D |
| 17. D | 42.D |
| 18. C | 43.A |
| 19. A | 44.D |
| 20. C | 45.D |
| 21. A | 46.B |
| 22. A | 47.A |
| 23. D | 48.C |
| 24. D | 49.D |
| 25. A | 50.D |